I-3 Paghahanda sa Kalamidad

1. Bagyo (Taifuu)

Ang bagyo ay isang mapaminsala at malakas na pag-ulan at paghangin na madalas dumaan sa bansang Hapon mula sa buwan ng Hulyo hanggang Oktubre.

Maaaring pinsala

- Nagliliparang mga bagay na maaaring makasakit o makapinsala.
- Pagguho ng lupa at pagbaha dahil sa matinding pag-ulan.
- Paglubog ng mga bahay.
- Pagkawala ng kuryente.
- Pagkawala ng supply ng tubig sa ilang gusali dahil sa pagtigil ng water pump.

*Laging makinig at subaybayan ang ulat ng panahon o balita para malaman kung may paparating na bagyo.

Paghahanda sa bagyo

- Laging makinig at subaybayan ang ulat ng panahon o balita para malaman kung may paparating na bagyo sa inyong lugar.
- Manatili sa loob ng bahay kapag lumakas ang ulan at hangin.
- Maghanda o magtabi ng mga gamit gaya ng tubig, pagkain, flashlight, radio at iba pa, at ilagay sa isang bag.
- Makipag-ugnayan sa pulis o mga kapitbahay para malaman kung saan ang evacuation site sa inyong lugar.

2. Lindol

Kumpara sa ibang bansa, madalas magkaroon ng lindol sa bansang Hapon. Kapag lumilindol, gumagalaw ang lupa at mga gusali na nagiging sanhi ng pagkasira ng mga kasangkapan at pagkaguho ng mga gusali o bahay. Ito rin ay minsang nagiging sanhi ng “tsunami” o tidal wave.

Mga dapat gawin kapag may lindol

1. Kung ikaw ay nasa loob ng bahay o gusali:
   - Magtago sa ilalim ng matibay na lamesa para hindi mabagsakan ng mga gamit o ano mang bagay na bumabagsak.
   - Kapag huminto na ang pagyanig, isara agad ang switch ng kalan o oven pati ang valve ng supply ng gas.
   - Buksan ang pinto ng opisina o bahay para agad na makalabas.
   - Huwag gagamitin ang elevator.
2. Kung ikaw ay nasa labas:
   Ingatan ang iyong ulo sa mga bumabagsak ng bagay. Huwag tatabi o sasandal sa pader o ilalim ng bubong na madaling gumuho. Agad na lumisan sa isang ligtas na lugar gaya ng malawak na bukid o patag na walang mga gusali.
3. Kung ikaw ay nasa loob ng kotse:
   Huwag mataranta at dahan dahang dalahin ang iyong kotse sa tabi ng kalsada at iparada. Kahat huminto na ang pagyanig o lindol, maging alerto sa muling mga pagyanig o aftershocks.

Pag-iingat kung may babala ng lindol

- Lagyan ng bakal o kadena ang ilang kagamitang para hindi ito bumagsak o mahulog.
- Huwag maglagay ng mga babasaging kagamitan gaya ng vase sa taas ng istante o sa ulunan ng iyong kama.
- Maghanda o magtabi ng mga gamit gaya ng tubig, pagkain, flashlight, radio at iba pa, at ilagay sa isang bag.

3. Mga maaaring pagkunan ng impormasyon tungkol sa mga kalamidad

FM CO・CO・LO	76.5MHZ
NHK Radio 1	666KHZ
NHK General Television	2CH

4. Kublihan o *hinanjo*

Dapat pumunta sa nakatalagang kublihan o ligtas na lugar kapag may kalamidad. Alamin agad ang lugar ng kublihan o *hinanjo* na pinakamalapit sa inyong lugar bago pa man dumating ang sakuna o kalamidad.

Mga kublihan o ligtas na lugar sa inyong lugar: